# Walang Hanggan

A Lord's Flock General Assembly Topic
By: Bishop Ted Bacani, SVD, LF Spiritual Adviser
Pebrero 5, 2022

Juan 3:16: "*Gayon na lamang ang pag-ibig ng Diyos sa sanlibutan, kaya ibigay Niya ang kanyang bugtong na Anak, upang ang sumampalataya sa Kanya hindi mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan.*"

Napakaraming namatay sa pandemya at maraming nawalan ng mahal sa buhay: magulang, kapatid, asawa, o kaibigan. Kaya naman, napakahalagang malaman ng mga tao ang tungkol sa walang hanggan. Ang mabuting balita ay hindi lamang **walang hanggan** ang Diyos kundi, Siya'y **pag-ibig** pa. Minahal Niya tayo noon, ngayon at magpakailanman. Ang mga nananalig sa Kanya ay hindi mamamatay.

**1. Ang Diyos ay hindi nagbabago. Ngunit tayo ang nagbabago.**

1.1 Lahat ng mga materyal na bagay ay nagbabago. Nasusukat natin ang pagbabago sa paglipas ng mga panahon. Tumatanda ang ating katawan o bumababa ang ating timbang sa pagdaan ng maraming araw, buwan o taon. Mamumukadkad ang mga bulaklak ngunit paglao'y nalalanta rin.

1.2 Nagbabago ang mga anghel. Lumikha ang Diyos ng mabubuting anghel. Gayunpaman, naging masama ang iba sa kanila. Hindi tayo dapat makipagtalo sa demonyo, dahil hindi tayo mananalo. Kailangan nating magpatulong sa mga pari o sa mga matatanda. Kung naiiwan tayong mag-isa, mahina tayo. Kung nakahiwalay tayo sa Diyos, wala tayo magagawa.

**2. Ibinabahagi ng Diyos sa atin ang Kanyang buhay na walang hanggan.**

2.1 Ang Diyos lamang ang walang hanggan. Hindi siya nagbabago o walang katapusan. Gayunpaman, tayo rin ay may buhay na walang hanggan. Paano? Kung ibabahagi Niya sa atin ang Kanyang buhay. Ipinadala Niya ang Kanyang bugtong na Anak upang magkaroon tayo ng buhay. Paano natin tatanggapin ang Kanyang Anak?

2.1.1 Sa mga tumanggap sa Kanya, nagbigay Siya ng kapangyarihang maging anak ng Diyos.

2.1.2 Ang mga nananalig kay Kristo ay mga anak ng Diyos at kabahagi ng Kanyang buhay na walang hanggan (1Juan1).

2.2. Ang Diyos ay pag-ibig. Una Niya tayong minahal at ipinadala Niya ang Kanyang Anak upang tubusin ang ating mga kasalanan (1 Juan 4:7-12).

2.3. May simpleng patunay. Mahal ba natin ang Diyos gaya ng pagmamahal Niya sa atin? Kaya ba nating mahalin ang ating kaaway, o ipagdasal ang umuusig sa atin? Kung kaya natin, masasabi nating anak tayo ng Diyos.

2.4. Kahit tayo'y anak ng Diyos, hindi tayo *exempted* sa mga dusa/karamdaman. Nakararanas pa rin tayo ng pagdurusa gaya ng Covid at iba pang malulubhang sakit.

**3. Darating ang panahon na tatanggapin natin ang kaloob ng Diyos, ang kalangitan. Ngunit, ang di pa natin nakikita ay nakatatakot. Kailangan nating maging handa. Paano tayo maghahanda?**

3.1. Mamuhay ayon sa kalooban ng Diyos. Sundin ang Kanyang mga utos.

3.2. Ipadama ang ating pag-ibig at matutong tumanggap ng pag-ibig - pag-ibig ng Diyos sa anumang paraan/uri. Kaya't mahalin din natin ang taong mahirap mahalin: ang ating mga kaaway at mga tao sa laylayan sa ating lipunan.

3.3. Ang pag-ibig ng Diyos ay minsan magiliw, minsan "masungit". "Kailan nating mamatay upang makapasok sa buhay na walang hanggan." Saka lang natin mapagtanto ang kagandahan ng buhay na walang hanggan kasama ang Diyos.

**Konklusyon:**

Bagamat tayo ay mamatay, magkakaroon naman tayo ng buhay na walang hanggan. Ito ang ating tadhana: huwag matakot kahit sa kamatayan. Walang sinumang makapaghihiwalay sa atin sa Diyos. "Ako ay naparito upang magkaroon kayo ng buhay na walang hanggan"(1 Juan 5:13).

**Pagninilay:**

1. Ano ang ginagawa mo bilang anak ng Diyos?
2. Paano ka naghahanda sa buhay na walang hanggan?

**Isinalin ni:** Sis. Thess P.Sarmiento
**Na-edit ni :** Sis Nida Cruz
**Inaprobahan ni:** Sis. Vera I. Tuplano
**For more teachings, visit our website:**
https://lordsflock.org/teachings/digests
Tags:#Tadhana#Buhay naWalang hanggan